# Pagsisisi

## ALALAHANIN A
### Hindi ako sigurado kung sulit na magsisi.

- Anong mga banal na kasulatan at alituntunin mula sa Mosias 26, o iba pang mga banal na kasulatan, ang maaari mong ibahagi na makatutulong sa alalahaning ito?

Alalahanin na si Alma mismo ay nakagawa noon ng mabibigat na kasalanan sa kanyang buhay at nagsisi at tumanggap ng kapatawaran sa pamamagitan ng Tagapagligtas na si Jesucristo (tingnan sa Mosias 11:5–7; 18:1–3; 26:15, 20).

- Ano sa palagay mo ang maaaring ibahagi ni Alma sa isang taong may ganitong alalahanin?

Isiping mabuti ang naranasan mo o ng mga kakilala mo nang bumaling kayo sa Tagapagligtas na si Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisisi.

## ALALAHANIN B
### Bakit kailangan kong ipagtapat ang aking mga kasalanan? Bakit kailangang ipagtapat ang ilang kasalanan sa isang priesthood leader?

Sinabi ng Panginoon kay Alma na ang mga nagkasala ay kailangang "magtapat ng kanyang mga kasalanan sa iyo [kay Alma, na kanilang priesthood leader] at sa akin [ang Panginoon]" (Mosias 26:29).

- Dahil alam na ng Panginoon ang ating mga kasalanan, bakit mahalagang ipagtapat natin ang mga ito sa Kanya? Paano nito mapagpapala ang ating buhay?

Basahin ang mga sumusunod na pahayag mula sa buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at mula kay Elder C. Scott Grow, emeritus General Authority Seventy, at maghanap ng mga kaalaman kung kailan at bakit dapat tayong magtapat sa bishop o branch president.



Ang bishop ay may karapatan sa paghahayag mula sa Espiritu Santo tungkol sa mga miyembro ng kanyang ward, pati na sa iyo. . . . Matutulungan ka [niya] na magsisi sa paraang hindi kayang ibigay ng iyong mga magulang o iba pang mga lider. . . .

[Kung hindi tayo magtatapat,] pinapasan [nating] mag-isa ang bigat ng kasalanan, sa halip na hayaang alisin ng Tagapagligtas ang pasanin. (C. Scott Grow, "Bakit Ko Kailangang Magtapat at Ano ang Kailangan Kong Ipagtapat sa Bishop Ko?" *Liahona*, Okt. 2013, 28–29)

- Paano makatutulong ang pahayag na ito sa isang taong may mga alalahanin tungkol sa pagtatapat sa kanilang priesthood leader?

## ALALAHANIN C
### Napakarami kong kasalanan kaya hindi na ako mapapatawad ng Panginoon.

- Paano makatutulong ang mga salita ng Panginoon sa Mosias 26:29–30 sa alalahaning ito? (Maaari mo ring pag-aralan ang 1 Timoteo 1:15; 1 Juan 1:9; o Doktrina at mga Tipan 18:10–12; 58:42–43.)
- Anong mga salaysay sa banal na kasulatan tungkol sa Tagapagligtas ang naglalarawan ng Kanyang damdamin tungkol sa mga taong nagsisikap na magsisi at sa Kanyang kahandaang magpatawad?

## ALALAHANIN D
### Ikaw ang pipili

Mag-isip ng isa pang makatotohanang alalahanin o tanong na posibleng mayroon ang isang tao tungkol sa pagsisisi. Pag-aralan ang "Magsisi, Pagsisisi" o "Pagtatapat, Magtapat" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (scriptures.ChurchofJesusChrist.org), at maghanap ng mga katotohanan na maaaring makatulong. Maaari mo ring pag-aralan ang mga kaugnay na banal na kasulatan sa "Magsisi, Pagsisisi" o "Pagtatapat, Magtapat" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (ChurchofJesusChrist.org). Maaari ding makatulong na pag-aralan ang "pagsisisi" sa buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at pag-isipan ang nalalaman mo tungkol sa Panginoon na maaaring makatulong.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.

PD60013873_893_221-teacher_handout-1